



JUN 3 0 2009

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN  
Blg. **295**, s. 2009

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2009**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan  
Direktor Panrehiyon  
Tagapamanihala ng mga Paaralan  
Pangulo/Pinuno ng mga Paaralang Publiko at Pribado

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagtatakda ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mga programa kaugnay nito. Ang tema sa taong ito ay **“Wikang Filipino: Mula Baler Hanggang Buong Pilipinas”** bilang pakikiisa sa ika-400 taon ng pagdiriwang ng “Taon ng Baler”.

2. Layunin ng pagdiriwang na ito na:

- pahalagahan ang wikang Filipino bilang pambansang wika;
- itampok ang kahalagahan ng wikang Filipino para sa pambansang identidad ng wika at kultura;
- itaguyod ang wikang Filipino bilang midyum ng komunikasyon;
- gamitin ang Filipino bilang wikang panturo sa wika at panitikan;
- gamitin ang wikang Filipino sa talakayang kultural; at
- pagpapahalaga sa wikang Filipino bilang epektibong wika para sa katatagang pangkabuhayan ng sambayanang Pilipino.

3. Para sa lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang:

<b>Petsa</b>	<b>Paksa</b>
Agosto 1-7, 2009	Ang Wikang Filipino : Mahalagang Kasangkapan sa Pagpapamalas ng Kagitingan, Kagalingan at Kasipagan para sa Kalayaan
Agosto 8-15, 2009	Wikang Filipino : Susi sa Pambansang Identidad
Agosto 16-22, 2009	Wikang Filipino : Instrumento sa Mabisang Komunikasyon at Panturo sa Wika at Panitikan
Agosto 23-31, 2009	Wikang Filipino : Mula Baler Hanggang Batanes at Tawi-Tawi

4. Para sa ibang detalye, mangyaring buksan ang website ng KWF sa [www.kwf.gov.ph](http://www.kwf.gov.ph)
5. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.



**JESLI A. LAPUS**  
Kalihim

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 332, s. 2008  
Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)  
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan  
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS  
Learning Area, FILIPINO

Sally: Buwan ng Wikang Pambansa 2009  
Hunyo 22, 2009